

Hazard Map Guidebook para sa mga dayuhan

Para maprotektahan ang buhay mula sa pinsala ng baha

Ang lungsod ng Koga ay may mga dugtong-dugtong na malalaking ilog. Kapag bumagsak ang malakas na ulan at masira ang dike, maari itong maging sanhi ng malaking sakuna. Kung dumating ang oras na iyon, pag-isipan kung paano kumilos upang maprotektahan ang iyong sarili at ang 「buhay」 ng mga mahahalagang tao sa iyo.

1. Una sa lahat, suriin natin kung gaano kalalim ang lugar kung saan ka nakatira kapag nasira ang dike. Sa kaso ng paglikas, ang evacuation destination (destinasyon sa paglikas) ay hindi limitado sa shelter lamang. Mahalagang lumikas sa puting bahagi ng hazard map.

Mahalaga na kumpirmahin natin ang **inaasahan na lalim ng pagbaha** ng lugar o bahay kung saan ka nakatira

Kung ang inaasahan na lalim ng pagbaha ay 3 metro or higit pa ⇒ Lumikas sa puting parte ng hazard map.
 Kung ang inaasahan na lalim ng pagbaha ay 0.5~3 metro ⇒ Lumikas sa puting parte, o kung ligtas sa 2nd floor ay doon na lamang manatili to the white part.
 Kung ang inaasahan na lalim ng pagbaha ay .5 metro pababa ⇒ Maaring manatili na lamang sa bahay

2. Impormasyon para sa paglikas

Alert level	Dapat gawin sa paglikas	Lagay/sitwasyonng panahon
Alert level 5	Gumawa ng mga pagkilos upang mailigtas ang buhay	Naganap na ang sakuna
Alert level 4 (Kailangan ng lumikas ang lahat)	Lumikas na sa evacuation site. Kung mahirap lumipat sa lugar na dapat likasan ay pumunta na lamang sa mas malapit na evacuation center.	Nasa mapanganib na estado na ito bago pa man maganap ang kalamidad
Alert level 3 (Umpisahan ng ilikas ang mga matatanda)	Ang mga taong gugugol ng oras sa paglikas gaya ng matatanda o dahil sa lilikas gamit ang sasakyan ay kailangan ng mag-umpisang lumikas	Tumataas na ang antas ng tubig sa ilog
Alert level 2	Mangolekta na ng impormasyon, maghanda na sa paglikas	Babala sa baha at babala ng malakas na pag-ulan
Alert level 1	Maging handa sa sakuna	

3. Magdala ng mga kagamitang pang emergency. Maghanda ng hindi bababa sa tatlong araw na supply na mga pagkain at inumin (3 litro ng tubig para sa isang tao sa isang araw) .

Mga halimbawa ng supply na maaring ihanda

- Inuming tubig • Pang-emergency na pagkain (retort na pagkain, instant food, de lata etc.) • Flashlight • Towel • Mga gamot
- Bankbook • Seal o hanko • Cash • Damit (underwear, medyas) • Mobile phone • Spare battery

Mga items na dapat dalahin panlaban sa covid-19

- Mask • Thermometer

4. Listahan ng mga Shelters

Hanggat maari ay lumikas sa puting lugar maliban sa mga evacuation center. Isaalang-alang din ang pagliban sa kotse.

	Pangalan ng mga school	Lokasyon	Safety level
Koga area	Koga Daini Elem. School	Honcho 2-chome10-45	☆☆
	Koga Daisan Elem. School	Asahi-cho Ichome 18-4	☆☆
	Koga Dairoku Elem. School	Kita Machi 16-47	☆☆
	Koga Daiichi Junior HS	Tokiwa Machi 11-26	☆☆
	Koga Daiichi High School	Asahi-cho 2-chome 4-5	☆☆
	Koga Dai-ni High School	Saiwai-cho 19-18	☆
	Koga Higashi Kouminkan	Higashi 3-chome 7-19	☆☆
	Chiki Koryu Center	Yokoyama-cho Ichome 2-20	☆☆
Sowa area	Simoono Elem. School	Shimo Ono 734-2	☆☆
	Kamihenmi Elem School	Kamihenmi 1164	☆☆
	Kozutsumi Elem. School	Kozutsumi 1815-1	☆☆☆
	Kami Ono Elem. School	Kami Ono 1425	☆☆☆
	Nishi Ushigaya Elem. School	Nishi Ushigaya 650	☆☆

	Chuo Elem. School	Shimo Ono1573-20	☆☆
	Sowa Junior HS	Onanuma 290-1	☆☆
	Sowa Kita Junior HS	Kozutsumi 1775	☆☆☆
	Yu Center Sowa	Kamihenmi 2369	☆☆
	Central Sports Park Gymnasium (Chuo Undokoen Sogo Taikukan)	Shimo Ono 2528	☆☆
Sanwa area	Morokawa Elem. School	Morokawa 1097	☆☆☆
	Komagome Elem. School	Komagome 899-3	☆☆☆
	Owada Elem. School	Owada 822	☆☆☆
	Nirei Elem. School	Nirei 607	☆☆☆
	Yamata Elem. School	Higashi Yamada 1814	☆☆☆
	Nasaki Elem School	Nasaki 4200	☆☆☆
	Sanwa Junior HS	Higashi Yamada 472	☆☆☆
	Sanwa Kita Junior HS	Morokawa 1995	☆☆☆
	Sanwa Higashi Junior HS	Osaki 4515	☆☆☆
	Sanwa High School	Gohei 54-1	☆☆☆
	Kyu-Koga Industrial Technology College	Morokawa1 844	☆☆☆
	Sanwa Health Fureai Sports Center	Nirei 2042-1	☆☆☆
	Sanwa Library	Nirei 2042-1	☆☆☆
	Sanwa Rural Environment Improvement Center	Higashi Yamada 1808-12	☆☆☆

※☆☆1na parking ay maaring lumubog.

5. Ang pamumuhay sa shelter

Ang mga evacuation center ay karaniwang pinapatakbo ng malaya. Mangyaring makipagtulungan sa mga opisyal ng lungsod at mga tagapamahala ng pasilidad.

Sa pagdating sa shelter

- Mangyaring i-secure lamang ang minimum na space na kakailanganin ng bawat tao upang mas maraming maka-occupy ng lugar.
- Hanggat maari ay igalang ang privacy ng bawat isa
- Ibat-ibang klase ng tao ang nasa evacuation center. May mga taong makakasama na mangangailangan ng espesyal na pansin o pangangailangan. Hangggat maari ay tulungan natin ang bawat isa

Pamamahala sa Hygiene

- Maghugas ng kamay • mag-mumog, isaalang-alang ang pagsuot ng mask
- Kung sasama ang pakiramdam ay ipaalam agad ng maaga.